



LEGISLATIVE ASSEMBLY
Committee on Community Services

Pagtatanong sa pagpapabuti ng mga komunikasyon sa krisis sa mga komunidad na magkakaiba-iba ang kultura at wika

Mga natuklasan at rekomendasyon

Natuklasan 1

Ang mga organisasyon ng komunidad ng CALD (CALD community) ay may mahalagang papel sa pakikipag-komunikasyon, at pagsuporta sa mga lokal na CALD community sa panahon ng COVID-19.

Natuklasan 2

Ang pakikipagtulungan sa pagitan ng iba't ibang antas ng pamahalaan, at mga organisasyon at network ng CALD community ay mahalaga sa epektibong komunikasyon sa mga CALD community sa mga panahon ng krisis.

Rekomendasyon 1

Na ang Pamahalaang NSW ay nag-iimbestiga ng mga paraan upang mapabuti ang pakikilahok ng CALD at Aboriginal at Torres Strait Islander community sa paghahanda at komunikasyon sa panahon ng emerhensiya at krisis, tulad halimbawa sa pamamagitan ng isang taskforce na nagpapayo sa komunidad, o pagiging miyembro ng mga lokal na komite sa pamamahala ng emerhensiya, at patuloy na hinihikayat ang pagkakaiba-iba ng mga tungkulin sa pamunuan at kawani sa mga ahensiya ng pamahalaan.

Rekomendasyon 2

Na ang Pamahalaang NSW ay kumunsulta sa mga organisasyon ng CALD community kung paano nito masusuportahan ang sektor upang epektibong makipag-ugnayan sa mga CALD community sa panahon ng mga krisis, kabilang ang sa pamamagitan ng karagdagang pagpopondo, pagsasaalang-alang ng mga gawad sa krisis, at pagbuo ng kapasidad.

Rekomendasyon 3

Na ang Pamahalaang NSW ay gumagamit ng umiiral na mga network ng CALD community upang bumuo at kapwa-magdisenyo ng mga hinaharap na komunikasyon sa krisis na iniayon sa mga grupo ng CALD community.

Rekomendasyon 4

Na ang mga komunikasyon sa hinaharap na krisis para sa mga CALD community ay maihahatid sa pamamagitan ng isang hanay ng mga channel at format, kabilang ang print, video, audio, telepono, social media, at mga kaganapan tulad ng mga pampublikong forum.

Rekomendasyon 5

Na ang Pamahalaang NSW ay nakikipagtulungan sa mga Aboriginal Community Controlled Organisation upang bumuo ng isang naka-target, naaangkop-sa-kulturang istratehiya ng komunikasyon sa krisis para sa mga komunidad ng Aboriginal at Torres Strait Islander.

Rekomendasyon 6

Na ang Pamahalaang NSW ay nagdaragdag ng pondo para sa komunidad at multilingguwal na broadcast media, upang matiyak na ang mga tagapagbalita ay may sapat na mapagkukunan upang magbigay ng impormasyon sa mga CALD community tungkol sa krisis.

Natuklasan 3

Nagkaroon ng pagtaas sa rasismo at diskriminasyon sa mga CALD community sa panahon ng pandemyang COVID-19. Nagdulot ito ng trauma at takot at nagkaroon ng negatibong kinahinatnan para sa kalusugan ng mga CALD community. Nagdulot din ito ng pagkawala ng tiwala sa Pamahalaan ng ilan sa CALD community, na nakaapekto sa mga komunikasyon sa krisis.

Rekomendasyon 7

Na ang Pamahalaang NSW ay kumunsulta sa mga organisasyon ng CALD community at mga pinuno ng komunidad tungkol sa mga patakaran at istratehiya upang maiwasan ang rasismo at diskriminasyon sa panahon ng mga krisis.

Rekomendasyon 8

Na sinusuri ng Pamahalaang NSW ang kasalukuyang mga pamamaraan para sa pag-uulat o pagreklamo tungkol sa diskriminasyon at rasismo, na may layuning mapabuti ang mga paraan na ito at maiwasan ang rasismo at diskriminasyon sa lipunan.

